

Quadrennial Theme:	<i>Spirituality for these Critical Times</i>
Panahon:	<i>Panahon ng Pamamayani ng Diyos</i> (Kingdomtide)
Antas:	Matatanda
Setyembre 3, 2017:	Ikalwang Linggo ng Pamamayani ng Diyos/Linggo ng Misyon

Pamagat:

“Kagalakan Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”

BATAYAN SA BANAL NA KASULATAN

Matandang tipan:

AWIT 100 (*Magandang balita Biblia*)

AWIT NG PAGPUPURI

Isang awit ng pasasalamat

¹ Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa! ² Si Yahweh ay papurihan, paglingkuran siyang kusa; lumapit sa presensya niya at umawit na may tuwa! ³ O si Yahweh ay ating Diyos! Ito’y dapat na malaman, tayo’y kaniya, kaniyang lahat na nilalang; lahat tayo’y bayan niya kabilang sa kaniyang kawan. ⁴ Pumasok sa kaniyang templo na ang puso’y nagdiriwang, umaawit, nagpupuri sa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya’y pasalamatan! ⁵ Napakabuti ni Yahweh, pag-ibig niya’y walang hanggan, pag-ibig niya ay tunay, laging tapat kailanman!

Lumang Tipan: **Habakuk 3:17-18** (*Magandang balita Biblia*)

Magtiwala at magalak sa gitna ng kaguluhan

¹⁷ Bagamat di namumunga ang puno ng igos at hindi rin namumunga ang puno ng ubas, Kahit na maantala ang pamumunga ng olibo at walang anihin sa mga bukirin, kahit na mamatay lahat ng mga tupa at mawala ang mga baka sa kulungan, ¹⁸ magagalak pa rin ako at magsasaya dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.

Bagong tipan: **Filipos 4:4-7** (*Magandang balita Biblia*)

⁴ Magalak kayong lagi sa Panginoon, Inuulit ko, magalak kayo! ⁵ Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kabutihang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. ⁶ Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. ⁷ At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo-Jesus.

SUSING KAISIPANG:

Ang Iglesya ay nagagalak sa lahat ng panahon

KARANASAN SA PAGKATUTO

A. Panimulang Gawin/Pananambahan

1. Pagtatanggap at Pagbabatian(Welcome Time)
2. Panimulang Panalangin

Mapagmahal naming Diyos Pinupuri at niluluwalhati namin ang iyong Pangalan sa pagbibigay Mo po sa amin ng pagkakataon makisama sa mga taong nasa aming kapaligiran. Pinasasalamat ka naming O Diyos sa patuloy ninyong pagpapala sa aming buhay sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan ng katotohanan . Sa Iyo O Diyos ay aming inihahandog ang sama-sama naming pagdalo at pakikibahagi sa Iyong gawain. Gawin mo po kaming kalugod-lugod upang tanggapin namin ang karunungan at kaunawaan mula sa inyo.Ang lahat na ito’y aming ipinapanalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

3. Panimulang Awitan “Rejoice, Give Thanks in the Lord Always“(CHFJ # 174)

B. PAGHAHANDA NG ARALIN

Gumawa ng grupo na may tatlong (3) kaanib. Bilang magulang, anak, tagapangalaga, matatanda o guro ng Iglesya. Pumili ng tatlong nais nagbahagi ng kanilang karanasan sa grupo. (Pinakikisuyuan na bago magsimula ang pag-aaral ay nakahingi ng tulong sa mga kinauukulan katulad ng guidance Counselor o psychologist upang maayos na matugunan ang mga ibabahaging problema o kabalisan ng grupo (magulang, anak, tagapangalaga, matatanda o guro ng iglesya.)

C. PAG-AARAL AT TALAKAYAN

Sabayang pagbasa ang gawin sa Teksto. Maipaliwanag ang kahalagahan na ang pagpupuri sa Diyos ay isang paraan upang kilalanin ang Diyos at malaman ang lahat ng gingawa Niya para sa atin. Hatiin ang klase sa tatlong grupo at bigyan ang bawat grupo ng teksto sa Bibliya na babasahin. Ipaghanda ang bawat grupo ng mga mahahalagang impormasyon na kakailangan para sa pagtalakay ng teksto na ibinigay sa kanila.

1. Awit 100. Salmo na isinulat ni Haring David
 - a. Talata 1 Ang Diyos ang namamahala sa buong sannilikha at nilikha ang mga tao para sa Kanyang kaluwalhatian. Marapat lamang na tayo’y umawit at magkaingay ng may kagalakan sa Kanya.
 - b. Talata 2. Nais ng Diyos na tayo ay magpuri at sumamba sa Kanya bilang paglilingkod. Maaaring maipahayag natin sa pamamagitan ng pag-aawitan.
 - c. Talata 3. Patuloy tayong pinaalalahanan na hindi tayo pababayaan ng Diyos anumang mangyari. Ang walang hanggang presensya ng Diyos sa bawat pagkakataon o kalagayan ang ating inaaasahan sa Kaniya.
 - d. Talata 4. Nais ng Diyos na lumapit tayo sa Kanya na may pagdadakila at pasasalamat. Pasalamatan ang Diyos sa Kaniyang kabutihan sapagkat alam Niya kung ano ang mas nakabubuti para sa ating lahat.

- e. Talata 5- Kay buti ng Diyos ang Pag-ibig Niyang walang hanggang at patuloy nating maasahan hindi Niya tayo bibiguin. Ang katapatan Niya para sa atin ay walang hanggan. Pinagkalooban Niya tayo ng magandang kinabukasan at pag-asa.
2. Habakuk 3:17-18. Si Habakuk ang Propetang sumulat at nagpahayag noong panahon ng kahirapan kung saan ginamit ng Diyos ang malulupit at paganong taga-Babylon upang parusahan ang Israel sa kasalanan nito. Sa kabila nito sa Habakuk ay patuloy na nagpahayag ng pasasalamat at umawit ng pagpupuri sa Diyos dahil sa hindi nagmamaliw na pag-ibig Niya sa tao.
 - a. Pasalamatan ang Diyos sa anumang kaparaanan. Sa kabila ng nakakaranas tayo ng pagsubok sa buhay marapat lang na patuloy tayong nagpapasalamat sa Kanya.
 - b. Pasalamatan ang Diyos, dahil sa Kanya pag-ibig at katas-taasang kapangyarihan na hindi nagmamaliw. Bagamat walang nakakaalam ng plano ng Diyos sa buhay natin, maaari nating panghawakan ang dakilang pag-ibig at pangangalaga ng Diyos dahil alam niya ang makakabuti sa atin.
 - c. Pasalamatan ang Diyos, ang plano ng Diyos ng pagliligtas ay nagpapatuloy at hindi tumitigil. Bagamat nakakaranas tayo ng mga problemang nagpapahirap sa atin, ang katiyakan ay ang tulong na nagmumula sa Diyos na magpapalaya at hahango sa atin mula sa mga problema ito.
 - d. Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kalakasan na hindi naghihina kailanman. Totoo na tayo’y dumaranas ng iba’t ibang pagsubok sa buhay, subalit ang kapayapaan nagmumula sa Diyos ang siyang nagbibigay ang katatagan upang manatili tayong nakatayo at malakas.
3. Filipos 4:4-7- Si Apostol Pablo ay sumulat sa Filipos na ang pinakamensahe ay ang patuloy na maranasan ang kagalakan sa Panginoon.
 - a. Talata 4. Ang talata ay nagpapahayag na ang kahinahunan ng Espiritu ay nararapat na taglayin lahat ng tao sapagkat ito ang bunga ng kagalakan sa Diyos. Nababatid natin na hindi tayo pinababayaan ng Diyos. Siya’y patuloy na nagbibigay proteksyon sa atin.
 - b. Talata 5. Sinabi ni Pablo na palayain natin ang ating sarili sa anumang kabalisahan dahil taglay natin ang kapangyarihan mula sa Diyos. Pinaalalahanan tayo na anumang kahilingan mayroon dapat ilapit sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin may pasasalamat.
 - c. Ang kapayapaan mula sa Diyos ang tiyak nating maaasahan upang tanggapin ang mga pagpapalang espirituwal na kakailanganin natin sa paglalakbay sa buhay na ito. Kapayapaan mula sa Diyos ang gagabay sa ating puso at isipan upang mapagtagumpayan ang anumang kabalisahan.

D. PAGBABAHAGINAN

Mga Katanungan:

1. Alin sa mga kaisipan/konsepto ang inyong matatagpuan sa tatlong teksto. Ipalawanag ang iyong napili.
 - a. Pag-ibig ng Diyos ay magpakailanman

- b. Ang sambahayan ng Diyos ay dumaranas ng nga kaguluhan sa buhay.
 - c. Kapayapaan ng Diyos ang magpapalaya sa ating sa kabalisahan.
 - d. Pinapakinggan ng Diyos ang lahat nating pagsamo sa pamamagitan ng panalangin may pasasalamat.
 - e. Nais ng Diyos na tayo'y umawit ng pagpup[uri at sambahin Siya ng may kagalakan.
2. Bakit isinulat ni Haring David ang Awit 100? (Dahil mismo si David ay nakaranas ng pagmamahal, kapangyarihan at kapayapaan ng Diyos. Kaya isinulat niya ito upang maipahayag ang Kanyang pasasalamat sa lahat ng pagpapala kaniyang tinanggap.
 3. Bakit kaya si Habakuk nababalisa?
Paano niya naunawaan ang ginawang plano ng Diyos na hinayaan sakupin ng Babylonia ang Israel.
(Naunawaan ni Propeta Habakuk na may panahong mararanasan natin sa buhay ang kaginhawaan at maaaring rin naranasan rin ang kasalatan. Gayumpaman kung mangyayari ito, ang Diyos ay mananatili hindi magbabago kailanman.
 4. Ano magandang pamamaraan upan makapamuhay ng may kaayusan at malaya mula sa anumang kabalisahan?
(Pag-ibig at kapayapaan mula sa Diyos kailanman di ka bibigun. Ang Sambayanan ng Diyos ay mayroon kalayaaan lumapit sa Diyos upang idulog ang anumang kahilingan sa pamamagit ng panalangin may pasasalamat.)
 5. Mula sa mga ibinahaging problema ng magulang, anak, tagapangalaga o guro ng iglesya na nararanasan.
Paano makakatulong ang mga aral mula sa tatlong batayang teksto upang tugunin ang mga suliraning ibinahagi ng magulang, anak, tagapangala o guro ng Iglesya.
(Ang tatlong tekstong ay nagpapahayag ng katotohanan na ang pag-ibig at kapayapaan mula sa Diyos ang makakatulong upang harapin ang hamon ng buhay na may katatagan.
 6. Paano ang Iglesya ay magiging instrument ng Diyos upang naranasan ang pag-ibig at kapayapaan ng mga miembro.

E. KATOTOHANAN MULA SA BIBLIYA

Paano ang Iglesya ay magiging daluyan ng kalakasan at kagalakan sa kabila ng kaguluhan?
(Sa pamamagitan ng ministeryo at programa, pulong panalangin, age-group families, mga payo at cell group.

F. PAGESASABUHAY

Gumawa o magplano ng mga gawain o programa ng Iglesya na makakatulong upang matugunan ang mga problema at pangangailangan ng miembro.

Grupong Panalangin

Patuloy na maipanalangin ang mga kapatid na humaharap sa iba't-ibang pagsubok ng buhay.

Mga Taong Nangangailangan:

Takdang Panahon:

Inaasahang Mangyayari:

Budget:

G. PANGWAKAS NA PANANAMBAHAN

1. Paghahandog

2. Pangwakas na Himno “Maligayang Sinasamba” MASPblg. 285

3. Pangwakas na Panalangin

Makapangyarihan Diyos, nawa ang buhay naming ay magbigay ng kaluguran sa Iyo. Ang Iyong mga Salita ay tumimo sa aming kaisipan upang ang kagalakan na aming mararanasan ay magpatuloy sa lahat ng oras at sa lahat ng pagkakataon. Paalalahanan Ninyo po kami O Diyos upang Makita naming ang aming pananagutan at karangalan na maranasan ang kagalakan sa panahon ng paghihirap at pagdurusa. Pagkalooban po Ninyo kami ng karunungan upang patuloy kaming tumawag sa Iyo sa pamamagitan ng panalangin upang sa gayon patuloy naming maranasan ang kagalakan sa kabila ng mga kaguluhan sa buhay. Ito po ang aming panalangin sa pangalan ni Jesus na nagturo sa amin na manalangin ng may pasasalamat sa aming mga puso. AMEN.

Isinalin sa Tagalog ni: Rev. Gailry A. Tadosa

